Benepisyong Pinansyal na matatanggap ng mamamayan na nakabukod ng tirahan dahil sa pananakit ng puno ng tahanan

Napagdesisyunan ng Gobyerno na ipadala ang application form para sa 100,000 yen na benepisyong matatanggap sa bawat puno ng tahanan (householder), subalit mayroong mamamayan na bukod ang tirahan dahil sa pananakit ng puno ng tahanan. Kaya ang mga ito ay maaaring makatanggap mula sa Munisipyo ng kasulukuyang tinitirahan.

○ Petsa ng Aplikasyon

Abril 24 ~ Abril 30, 2020 ※ Maaring ipadala ang mga papeles kahit lumagpas ng 30 araw.

○ Mga kailangang Papeles

・Kasulatan na bukod na naninirahan dahilan sa pananakit ng puno ng tahanan.

・Application form na makukuha sa munisipyo,center para sa suporta sa mga kababaihan at website ng Ministry of Internal Affair and Communication.
Ito ay alinman sa mga sumusunod.
a. Opisyal na papeles ukol sa pananakit ng puno ng tahanan mula sa center ng Suporta sa mga kababaihan o munisipyo.
b. Opisyal na kopya mula sa korte.

※ Kung may kasamang anak o ibang miyembro ng pamilya, magpasa rin ng kanilang papeles upang malaman ang kanilang sitwasyon.

Para sa mga impormasyon, magtanong po sa munisipyo ng inyong tirahan.
Para sa interpretasyon, huwag pong mahiyang tumawag sa center.